REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-189

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG RED FOX TRUCKING SERVICES PARA SA SERBISYO NITO BILANG KONTRATISTA NA HUMAHAKOT NG BASURA SA BAYAN NG MUNTINLUPA (MALIBAN ANG MUNTINLUPA PUBLIC MARKET) AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG MILYON AT ANIM NA DAANG PISO (P1,600,000.00) KADA BUWAN BILANG KABAYARAN SA SERBISYO NITO (Mula Nobyembre 1, 1994 hanggang Disyembre 31, 1994).

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Rufino B. Joaquin
Kgg. Nolasco L. Diaz

************************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan bilang bahagi ng pangunahing serbisyo nito ay hinahangad na mapabuti ang kasalukuyang koleksyon sa basura at ang sistemang pagtatapon na karapat-dapat lamang sa Bayan ng Muntinlupa bilang magandang modelo ng buong bansa sa kalinisan at kaayusan;

SAPAGKAT, sa hangaring ito, ang Pamahalaang Bayan ay pumasok sa isang kasunduan sa Red Fox Trucking Services para sa koleksyon at wastong pagtatapon ng mga basura ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Red Fox Trucking Services, alinsunod sa kasunduan ay titiyakin ang kalinisan ng Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng higit na maraming biyahe kung kinakailangan bawat araw sa paghahakot ng basura upang masiguro ang kalinisan at wastong sanitasyon ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang paglalaan ng laang gugulin para dito ay alinsunod sa mga gagampanan at pagkakagastusan ng Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay isinasabatas ang Laang-Gugulin Kautusang Bayan na:

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



LAANG-GUGULIN KAUTUSANG BAYAN BILANG 94-10
(Appropriation Ordinance No. 94-05)

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA:

TALATA I - Ang paglalaan ng laang-gugulin na halagang Isang Milyon at Anim na Daang Piso (P1,600,000.00) kada buwan bilang kabayaran sa serbisyo ng Red Fox Trucking Services bilang kontratista na tagahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa (maliban ang Muntinlupa Public Market);

TALATA II - Ang pagpananatili ng serbisyo ng Red Fox Trucking Service alinsunod sa nilagdaang kasunduan ay sa loob ng dalawang (2) buwan. Ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan sa mga susunod na buwan ay muling dadaan sa pagpapatibay ng Sangguniang Bayan;

TALATA III - Ang kasunduan sa Red Fox Trucking Services bilang kontratista na tagahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa ay magkakabisa simula Nobyembre 01, 1994 at matatapos sa Disyembre 31, 1994 at ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan batay sa itinatakda ng Talata II ng Kapasiyahang ito kung kinakailangan;

TALATA IV - Ang kapasiyahang ito ay magkakabisa kaagad matapos mapagtibay ng Sangguniang Bayan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-108th regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Nobyembre, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pinuno ng Panghapagang Mayorya
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan